

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 23 ABRIL 1993, IKA-9:05 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Crisencio S. Calma
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Bernabe S. Mortel
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Jesus S. Dela Cruz

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Lorna F. Dimapilis

- Pangulo, Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

ORDINANSA BLG. 01
Taong 1993

ORDINANSANG NAG-AATAS SA MGA MAY-ARI/OPEREYTOR AT NAGMAMANTINA NG MGA BEACH RESORTS SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA PAMALAGIING MALINIS SA LAHAT NG ORAS ANG DALAMPASIGANG KATAPAT NG KANILANG BEACH RESORTS.

Ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na :

- SEKSYON 1. Ang kalinisan ng kapaligiran ng dalampasigang katapat ng mga beach resorts ay responsibilidad at obligasyon ng opereytor/may-ari at nagmamantina ng mga beach resorts na ito. Dahil dito ang mga opereytor/may-ari at nagmamantina ng mga beach resorts ay inaatasang maglagay ng basurahan at ipunan ng basura hindi lamang sa loob ng resort kundi gayundin sa labas/katapat nitong tabing-dagat.
- SEKSYON 2. Ang pamahalaang bayan ng Roxas, sa pamamagitan ng mga taong binigyang-kapangyarihan nito ay magsasagawa ng walang pabalitang pag-inspeksyon sa lahat ng beach resorts na nasasakupan ng Roxas upang matiyak na matapat na tinutupad

ang ordinansang ito. Anumang paglabag dito ay mangangahulugan ng pagpataw ng multang Walong Daang Piso (P800.00) sa opereytor o nagmamantina ng resort.

SEKSYON 3. Sinumang may-ari/opereytor o nagmamantina ng beach resort na lalabag sa ikalawang pagkakataon sa itinatadhana ng Seks. 1 at 2 ng ordinansang ito ay magmumulta nang dalawang (2x) ulit ng halagang huling naipataw sa kanya.

Sa ikatlong paglabag, isususpendi/patitigilin ang operasyon ng beach resort sa loob ng isang (1) taon.

Pinagtibay ng lahat. 23 Abril 1993

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng ordinansang ito ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

(SGD.) VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

(SGD.) JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

(SGD.) GELACIO I. YASON
Punong Bayan

Certified True Copy from the original:

MERCEDITA B. VILLALOBOS
Clerk IV
10/25/02

merz/